## IKA-5 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON – TAON A

**Is 58:7–10; 1 Cor 2:1–5; Mt 5:13–16**
**"Kayo ang Asin ng Daigdig, Kayo ang Ilaw ng Sanlibutan."**

### PANIMULA

Magandang umaga sa inyo, mga minamahal na kapatid kay Kristo.

Nais kong simulan ang ating pagdiriwang ngayong araw sa pamamagitan ng isang simpleng paglalarawan mula sa pang-araw-araw nating pamumuhay.

Ipagpalagay ninyo na sa isang gabi, pumasok kayo sa inyong kusina na gutom at pagod. Naghanda ka ng simpleng sabaw na inilagay mo sa mangkok. Tinikman mo ito...wala siyang lasa. Malabnaw.  Pagkatapos ay dinagdagan mo ito ng kaunting asin—kapiranggot lamang—at biglang nagka-lasa ang buong sabaw. Isang munting sangkap ang lubos na nagbago sa buong putahe.

At isipin naman ninyo ang madilim na kalye sa isang gabing maulap.  Walang buwan, walang bituin. Hindi mo man lang maaninag ang daan. Ngunit sa malayo, may isang taong nagsindi ng maliit na lampara. Hindi ito malawak na ilaw, hindi rin ito sulo—isang munting ilawan lamang. Ngunit ang munting liwanag na iyon ang naging gabay mo upang makauwi ka sa inyong bahay.

Asin at Ilaw—dalawang pangkaraniwang mga bagay ngunit may pambihirang kapangyarihan.

Sinasabi ni Hesus sa Ebanghelyo ngayon: *"Kayo ang asin ng daigdig… kayo ang ilaw ng sanlibutan."*

Ngayong araw, habang tayo'y nagtitipon sa Eukaristiya, hilingin natin sa Diyos na tulungan tayong maging kung ano man ang tinatawag sa atin ni Hesus: mga taong nanangangalaga ng kabutihan, nagbibigay-lasa sa buhay, at nagbibigay-liwanag upang makita ng iba ang daang patungo sa Kanya.

### HOMILIYA: Mateo 5:14–16 – Asin at Ilaw ng Sanlibutan

#### 1. Panimula: Ang Kapangyarihan ng Asin

Nais kong magsimula ngayon sa pamamgitan ng isang maikling kuwento.

Ipagpalagay ninyo na tumungo kayo sa inyong kusina sa kalagitnaan ng gabi, para maghanda ng simpleng pagkain. Naglagay ka ng kaunting asin sa iyong sabaw, tinikman moi to, at… may kamangha-manghang nangyari. Ang malabnaw at walang lasang sabaw

ay biglang nagka-lasa. Nabago nito ang isang simpleng pagkain at ginawa itong masustansiya at kaaya-aya sa panlasa.

Pagngilayan naman natin ang mas malaking bagay.  Pagisipan natin ang mundo kung walang asin. Mas mabilis masira ang mga pagkain, magiging malabnaw at di kaaya-aya ang mga pagkain, at ang buhay mismo ay tila magiging pangkaraniwan at walang sigla. Ito mismo ang ibig sabihin ni Hesus nang tinawag Niya tayong mga asin ng daigdig.

Ang asin ay nag-papanatili, nagpapasarap, at nagbibigay-buhay sa pangkaraniwan. At tulad ng kapiranggot na asin na nagbabago sa lasa ng sabaw, ang ating buhay—ang ating mga gawain, ang ating mga salita, at ang ating pananampalataya—ay may kapangyarihang mag-panatili ng kabutihan, magbigay-lasa sa buhay, at magbigay ng kahulugan sa buhay ng mga taong naka paligid sa atin.

## 2. Ang Turo ni Hesus Tungkol sa Asin

Sinimulan ni Jesus ang bahaging ito ng Kanyang Sermon sa Bundok sa pamamagitan ng dalawang pambihirang larawan. Una, tinawag Niya tayong mga asin ng daigdig. Sa mga sinaunang panahon, ang asin ay napakahalaga. Ginagamit ito sa pagpreserba ng pagkain, pampalasa, at pag-iwas sa pagkabulok. Ito ang ganap Niyang tawag na maging papel natin sa mundo—mga tagapag-ingat ng kabutihan, mga ahente ng diwa at buhay sa isang lipunang madaling mawalan ng saysay, na madaling maging tiwali at maging bulok ang pamamaraan.

Pagisipan natin ang isang pagkain na walang asin – ito'y walang lasa, kulang. Ganyan din ang patutunguhan ng ating mundo kung wala ang mga patotoo ng mga Kristiyano. At katulad ng asin na gumagana nang tahimik ngunit mabisa, ganoon din ang pag-gana ng ating impluwensiya sa mundo. Ang maliliit na pagpapahayag ng pagmamahal, katotohanan, at integridad—katulad nung munting lampara ng isang bata—ay maaaring magpanatili ng kabutihan at magpayaman sa buhay ng mga taong nakapaligid sa atin.

## 3. Paglipat sa Ilaw

At nagpapatuloy si Jesus: *"Kayo ang ilaw ng sanlibutan."*

Minsan may isang batang lalaking naninirahan sa isang baryo na walang ilaw sa lansangan. Tuwing gabi, nagsisindi ang kanyang pamilya ng maliit na ilawan sa labas ng kanilang bahay. Isang gabi, may manlalakbay na naligaw sa paikot-ikot na daanan sa baryo. Halos wala siyang makita sa dilim. Ngunit sa malayo, nakita niya ang kumikislap-kislap na lampara ng batang lalaki. Ang munting ilaw na iyon ang gumabay sa kanya hanggang sa makarating siya nang ligtas sa bahay ng batang lalaki. Pagkatapos ay sinabi ng manlalakbay: *"Ang maliit na ilaw na iyon ang nagligtas sa akin ngayong gabi."*

Ang ilaw, ay nakikita ng lahat hindi katulad ng asin. Gumagabay ito, nagbibigay-babala, at humihila sa mga tao. Ang bisa ng asin ay gumagana nang tahimik; ang ilaw naman ay lantaran. Kapag magkasama, pareho nilang inilalarawan ng buo ang ating bokasyon:

panatilihin natin dapat ang kabutihan at paliwanagin ang daan, lagyan ng lasa ang buhay gamit ang pag-ibig ng Diyos at magliwanag tayo upang makita ng iba ang landas patungo sa Kanya.

## 4. Ang Ilaw ay Pangunahing Nakay Hesus

Mga kapatid, sa kasalukuyan, sinasabi ni Hesus sa atin ang parehong kataga: *"Kayo ang ilaw ng sanlibutan."*

Sa unang tingin, parang simple lang ito. Ngunit kung pagninilayan natin, ito'y kahanga-hanga. Sa Bagong Tipan, ang titulong *"Ilaw ng Sanlibutan"* ay pangunahing kay Jesus. Sinabi Niya sa Ebanghelyo ni Juan: *"Ako ang ilaw ng sanlibutan. Naparito Ako para maging ilaw sa mundo."*

Pati nang iharap nina Maria at Jose ang sanggol na si Jesus sa Templo. Hinawakan ni Simeon ang sanggol at ipinahayag: *"Isang ilaw ng paghahayag para sa mga Hentil."* Maging si Juan Bautista, isa sa pinaka-dakilang propeta, ay nilinaw tungkol sa kaniyang sarili: *"Hindi siya ang ilaw; siya'y naparito lamang upang magpatotoo sa ilaw."*

At ngayon, si Jesus ay bumabaling sa atin at sinasabing: *"Kayo ang ilaw ng sanlibutan."*

Isipin natin ito. Hindi lamang ito magandang pahayag. Ito ang ating bokasyon, ang ating responsibilidad, at ang ating dangal nang sabay-sabay.

## 5. Ang Ating Bokasyon Bilang Ilaw

Tinutulungan tayo ni San Pablo na maunawaan ito sa pang-araw-araw nating buhay. Sa Filipos 2, isinulat niya:

*"Gawin ninyo ang lahat nang walang reklamo o pagtatalo, upang kayo'y maging walang kapintasan at dalisay, mga anak ng Diyos na walang kasalanan sa isang baluktot at tiwaling henerasyon, sa gitna nila'y nagningning kayo na parang mga ilaw sa sansinukob."*

Pagngilayan natin ang mga mandaragat noong mga sinaunang panahon. Ginagabayan sila ng mga bituin nuong sila ay nasa dagat. Kung wala ang mga ito, sila'y maliligaw. Sinasabi ni Pablo na tayo din ay dapat maging parang yung mga bituin na iyun na gumagabay sa mundo. Dapat makita ng mga tao ang ating mga buhay at masabi nila: *"Ganito kumikilos ang pag-ibig ng Diyos. Ito ang daan patungo sa pag-asa at kapayapaan."*

Napakaraming kalituhan sa mundo ngayon! Maraming tao ang pakiramdam nila, sila ay naliligaw at hindi alam ang patutunguhan. At ipinagkakatiwala sa atin ng Diyos ang napakagandang tungkulin na ito: maging mga ilaw kayo na gumagabay sa inyong kapwa.

## 6. Makabagong Paglalarawan ng Paggabay

Bayaan Ninyo akong magbigay ng makabagong ehemplo.  Isipin ninyo kung isang gabi na may mga ginagawang kalsada sa isang lungsod. May mahahabang hanay ng mga ilaw na babala na gumagabay sa mga tsuper ng sasakyan para makatawid sila ng matiwasay. Sinasabi nila: *"Bagalan ang Pagmamaneho. Mag-ingat. Dito ka dumaan, huwag sa kabila."*

Iyan mismo ang papel natin bilang mga Kristiyano. Sa pamamagitan ng ating mga gawa, mga salita, at pamumuhay, tayo ay nagiging gabay. Sinasabi natin: *"Ang landas na iyan ay hahantong sa kapahamakan, ngunit may iba pang daan—ang daan ng Diyos."*

Ang pagtawag ni Hesus ay parehong praktiko at masaya.  Ngunit may mga Kristiyanong isinasabuhay ang kanilang pananampalataya na parang isang maliit na kumikislap na lampara.  Laging nagrereklamo: *"Kailangan ba talagang pumunta sa simbahan at magsimba?" "Kailangan ba talagang manalangin?"* Ang ganoong klase ng ilaw ay siya iyong halos hindi na nagliliwanag.

## 7. Magliwanag sa Presensya ng Diyos

Tinatawag tayo ni Jesus na magliwanag tayo nang buong ningning.  Magbighay ng ginhawa sa mga puso ng kapwa natin, magbigay ng kagalakan, at mahikayat ang iba patungo sa Diyos.

Isipin natin si Moises. Tuwing pumapasok siya sa Toldang Tipanan ay nakikipagtagpo siya sa Diyos. Paglabas niya ay nagliliwanag ang kanyang mukha at dahil dito ay halos hindi sila makatingin sa kanya. Ang liwanag na iyon ay nagmula sa kanyang pakikipag-ugnayan sa Diyos.  At ganoon ding ganap ang kagustuhan ni Hesus para sa atin. Ang ating liwanag ay hindi nagmumula sa ating sarili, kundi mula sa pananatili sa presensya ng Diyos.

At minsan, humihina ang ating liwanag. Marami sa atin ay nakakita na sa mga lumang orasan na inilalagay sa ating higaan na may kumikislap na numero.  Sa gabi, ito ay lumiliwanag.  Ngunit pagkaraan ng ilang oras, ang liwanag ng orasan ay kumukupas. Paano natin pinapabalik ang liwanag nito? Panandaliaan nating sinisindihan ang ilaw malapit dito at kikislap na naman ang mga numero nito.

Ganyan din sa atin. Kapag lumabo ang iyong ilaw, kapag nakaramdam ka ng panghihina ng iyong pananampalataya, bumalik ka sa Diyos. Manatili ka sa Kanyang presensya. Pabayaan mo Siyang  magliwanag sa iyo.  Babalik ang iyong Liwanag at ang pati ang iyong kagalakan ay maibabalik.

## 8. Pangwakas na Kuwento: Mahalaga ang Maliliit na mga Gawa

Gusto kong magwakas sa pamamagitan  ng isang kwento tungkol sa isang dalaga na nagboluntaryo sa ospital ng mga bata. Wala siyang dala kundi ang kanyang mga ngiti at malumanay na pagsasalita. Ngunit nagdala siya ng pag-asa sa mga batang natatakot at

nasasaktan. Isang bata ang nagsabi: *“Ang ngiti mo ang tumutulong sa aking makaramdam ng kaligtasan kapag ang lahat sa paligid ko ay nakakatakot.”*

Iyan ang hinihiling ni Jesus sa atin: na magliwanag at liwanagin natin kahit ang pinakamadilim na sulok ng mundo sa pamamagitan ng pag-ibig ng Diyos.

### 9. Paanyaya sa Pagkilos

Sinasabi ni Hesus: *“Kayo ang ilaw ng sanlibutan.”* Hindi paminsan-minsan. Hindi lamang sa espesyal na okasyon. Kundi palagi.  Magliwanag na mayroong pag-ibig. Magliwanag na mayroong kagalakan.  Magliwanag na mayroong tapang. Magliwanag na mayroong pananampalataya.  Pabayaan mo na makita ng kapwa mo tao ang Diyos sa pamamagitan ng iyong buhay.

At tandaan: kahit ang pinakamaliit na ilaw—kahit ang kapiranggot na asin—ay may kakayahang magdulot ng pagbabago.  Kahit ang iyong pinaka-maliit na gawa ng pagmamahal, ang iyong mga maliliit na kilos ng kabaitan ay pwedeng makapagpabago ng buhay.

Kaya ngayon, lumabas tayo at maging asin at ilaw ng sanlibutan. **Amen.**

***Translated by William Valdrez, Jr.***